

Ang inyong proyekto ay natukoy bilang Priority Development Project (PDP) o Prayoridad na Proyekto ng Development -- ano ang hinihingi nito?

Bilang bahagi ng inyong proyektong pang-development, kailangan ninyong magsumite ng Stormwater Quality Management Plan (SWQMP) upang maiwasan na umagos ang mga pollutant sa ating mga daanan ng tubig pagkatapos ng konstruksyon. Isang paraan para matugunan ang mga kinakailangan na ito ay ang pagkakaroon ng **Significant Site Design Best Management Practices (SSD-BMPs)** sa site ng inyong proyekto. Ang pagkakaroon ng SSD-BMP ay isang praktikal na paraan upang pangalagaan ang mga daanan ng tubig habang nananatiling nakakasunod.

Upang tulungan kayong maintindihan ang inyong mga opsyon sa pagsunod, ginawa ng Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego ang gabay sa impormasyon na ito. Talakayin ang gabay na ito sa inyong kontraktor, civil engineer, o arkitekto ng landscape upang malaman ang pinaka-angkop na opsyon para sa inyong proyekto.

Mga Benepisyo ng mga SSD-BMP

- Hindi kailangan ng Kasunduan sa Pagmementena ng mga SSD-BMP.
- Hindi kailangan ng pirma ng engineer (kasalukuyang pinapayagan sa ilalim ng 2013 Municipal Stormwater Permit).
- Mas kaunti ang mga kinakailangan para sa PDP SWQMP.

Mga Uri ng mga SSD-BMP

May dalawang uri ng SSD-BMP: Mga tree well at mga dispersion area.


Mga Tree Well

Kaagad na inililihis ng mga Tree Well ang agos ng stormwater sa lupa na nakapalibot sa isang itinanim na puno. Sa pangkalahatan, ang mga lugar na nakapalibot sa Tree Well ay may slope (Larawan 1) upang maging natural ang agos ng tubig sa loob, at sa ganitong paraan ay nababawasan ang dami ng agos na pumapasok sa storm drain system. Ito ay kadalasang makikita katabi ng mga daanan, driveway, at lugar na paradahan upang saluhin at salain ang agos ng stormwater na dumadaloy.

Mga elemento ng disenyo ng mga Tree Well

- Ang kinakailangang dami ng retensyon ay natutukoy ng design capture volume (DCV), hydrologic na grupo ng lupa, at lalim ng lupa ng tree well.
- Ang treatment credit na ibinibigay ng puno ay depende sa diyametro ng may gulang na canopy at ibinigay na dami ng lupa.

LARAWAN 1 *Tree Well (Tanaw na Cross-Section)*





lalawigan ng san diego

Mga Simpleng Solusyon sa Pagsunod sa Priority Development Project (PDP)

Mga Dispersion Area

Ang mga Dispersion Area ay mga espasyong may halaman na dinisenyo upang magpapasok at sumala ng agos ng stormwater mula sa mga surface na hindi pinapasukan ng tubig tulad ng bubong, daanan, at driveway. Ang agos ng stormwater ay dinidirekta mula sa mga surface na ito ng downspout na may splash block, o ng flow spreader (larawan 2), na siyang nagpapakalat ng agos ng stormwater sa dispersion area. Dito, ang agos ay sinasala sa lupa sa pamamagitan ng infiltration at naiiwasan ang mga pollutant na makapasok sa storm drain system. Sa pamamagitan ng infiltration, nababawasan ang dami ng agos na pumapasok sa storm drain system.

Mga elemento ng disenyo ng mga Dispersion Area


- Ang ratio ng impervious area sa dispersion area ay 1:1 o mas maliit.
- Naglalakbay ng 10 talampakan o mas mahaba ang agos ng stormwater sa buong dispersion area.
- Amended na lupa ang nasa 11" na ibabaw.
- Ang slope ay mas kaunti sa 5%.



Flow Spreader

L A R A W A N 2

Dispersion Area (Tanaw na Cross-Section)



Para sa Higit Pang Impormasyon

Bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater, I-CLICK ANG “Development Resources”, at hanapin ang mga file na kaugnay sa SSD-BMP sa ilalim ng “Calculators and Modeling Software.”

Para sa halimbawa ng PDP Stormwater Quality Management Plan, bisitahin ang https://qrco.de/pdp_swqmp o i-iscan ang QR code.



salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

PDS Building:

Mga Pangkalahatang Tanong: 1-858-565-5920

Mga Tanong Tungkol sa Proyekto: daniel.pulido@sdcounty.ca.gov
or michael.casady@sdcounty.ca.gov

PDS Land Development: 1-858-694-2055

Programang Pangangalaga sa Watershed:

BMP.Program@sdcounty.ca.gov